# TAWHEED

## Ang Kaisahan Ng ALLAH

AT ANG MGA PANGUNAHING PANUNTUNAN NG ISLAM NA DAPAT MALAMAN NG BAWAT MUSLIM

Muhammad At-Tamimi



Isinalin sa Wikang filipino ni:
Yusuf Alaiden Butucan

65

5 / 1428 H

COOPERATIVE OFFICE FOR CALL AND GUIDANCE IN AL-BATHA
( UNDER THE SUPERVISION OF THE MINISTRY OF ISLAMIC AFFAIRS )
P.o.Box.No 20824 - Riyadh 11465 K.S.A.
Tel. 4030251 - 4083405 FAX. 4059387

# TAWHEED

## Ang Kaisahan Ng Allah

## توحيد الله

## و

## الواجبات المتحتم معرفتها على كل مسلم و مسلمة

**AT ANG MGA PANGUNAHING PANUNTUNAN NG ISLAM NA DAPAT MALAMAN NG BAWAT MUSLIM**


من كلام شيخ الاسلام

**محمد بن سليمان التميمى رحمه الله**

**Muhammad bin Sulaiman At-Tamimi**

**ترجمه للغة الفلبينية**

**يو سف علاء الدين بوتوكان**

**Isinalin sa Wikang Pilipino ni:**

**Yusuf Alaiden Butucan**

## Maikling Pananalita ng Nagsalin sa Wikang Pilipino

Ang lahat ng papuri ay para sa Allahﷻ lamang, na Siyang ating pinasasalamatan at hinihingan ng tulong. Humihingi tayo sa Kanya ng kapatawaran at patnubay. Nawa'y pangalagaan Niya tayo laban sa kasamaan ng ating mga sarili at laban sa paggawa ng anumang pagsuway sa Kanya. Sinumang patnubayan ng Allah, walang makapagliligaw sa kanya. At sinumang hinayaang maligaw ng Allahﷻ, walang makapagpapatnubay sa kanya.

Ako ay sumasaksi na walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, ang tanging nag-iisa at ang walang katambal o kasama sa Kanyang Kapangyarihan at Kaluwalhatian. At ako rin ay sumasaksi na si Muhammadﷺ ay huling Sugo at alipin ng Allahﷻ,. Nawa'y patnubayan siya ng Allahﷻ at ipagkaloob sa kanya ang pinakamabuting gantimpala para sa kanyang Ummah. Nawa'y gantimpalaan ng Allahﷻ ang lahat ng kanyang mga kasamahan sa kanilang mga pagtitiis at katapatan sa pagpapalaganap ng Islam para sa kanilang mga sumusunod na henerasyon hanggang sa Huling Araw.

Isang dakilang tungkulin ng bawa't Muslim ang makibahagi sa pagpapalaganap ng relihiyong Islam, ang pinagpalang relihiyon para sa sangkatauhan. Kaya naman, ako ay nagsalin ng isang mahalagang paksa tungkol sa Islam batay sa isang magandang lathalain ng isang mapitagan at kilalang paham sa Islam na si Sheikh Tamimi. Tinalakay niya sa kanyang aklat ang Tunay na

*Aqeedah* (prinsipiyo) tungkol sa Kaisahan ng Allah upang sa gayo'y mapalaganap ang tunay (at tamang) prinsipiyo sa bawa't Muslim, at gayundin upang mariing itakwil at ilantad ang anumang katuruang sumasalungat sa tamang *Aqeedah*.

Ang relihiyong Islam ay isang pangkalahatang mensahe batay sa *Aqeedah* (prinsipiyo) ng Pagkilala at Pagsamba nang tuwiran sa Tanging Isang Tunay na Diyos (Allahﷻ). Ang layunin ng lathalaing ito ay upang bigyan ng katiyakan at katatagan, lalo na yaong mga bagong yumakap sa Islam, sa tamang prinsipiyo ng pananampalatayang ito. Ang hindi pagsasaalang-alang ng prinsipiyong ito ay nagbibigay-daan sa bagong Muslim upang madaling mahikayat ng mga naliligaw na pangkat o samahan na may maling pananaw sa Kaisahan ng Allah, bagaman sila'y nag-aangking mga Muslim.

Ang orihinal na aklat, *Ang Tawheed* (Ang Kaisahan ng Allah), ay isinulat sa wikang Arabik ni Shaikhul-Islam Muhammad bin Sulaiman at-Tamimi. Sadyang imposibleng isalin nang tuwiran sa anumang wika ang orihinal na lathalaing nasusulat sa Arabik dahil ang wikang ito ay may angking yaman sa pagpapahayag at pagpapaliwanag. Kaya naman, sa pagsasalin ay higit na binigyang-halaga ang diwa ng aklat at sa nais iparating nito sa mambabasa kaysa sa literal na pagsasalin. May ilang paliwanag na idinagdag sa wikang Tagalog upang higit na umakma ito sa pang-unawa ng mga Pilipino at upang ang mensahe ay maipalaganap nang walang pagkukulang.

Sa dahilang may ilang mga kataga sa wikang Arabik na hindi maaaring bigyang ganap na kahulugan sa wikang Tagalog, katulad halimbawa ng *Tawheed, Taghoot, Shirk*, atbp., aking pinanatili ang orihinal na kataga at binigyan na lamang ng angkop na pagpapaliwanag.

Idinadalangin ko sa Allahﷻ, ang Panginoon ng lahat ng nilikha, na nawa'y tanggapin Niyaﷻ ang pagsisikap na ito, at nawa'y idagdag Niya ito sa talaan ng Mabubuting Gawa sa Araw ng Paghuhukom. Ang pangakong Araw na tiyak na darating na kung saan ang yaman o angkan ay hindi makatutulong, bagkus, ang bigat ng mabubuting gawa ang siyang mangingibabaw sa pagbibigay Habag ng Allah.

Patnubayan nawa tayo ng Allah, ang Dakila at ang Mapagpatawad.

As-salamu Alaikum Warahmatullahi Wabarakatuhu.

**Yusuf Alaiden Butucan**

January 10, 2003
Dhul-Qa'edah 08, 1423
Riyadh, Saudi Arabia

## Ang Mga Nilalaman

1. Maikling Pananalita ng Tagasalin

2. Ang Tatlong Mahahalagang Saligan ng Islam

3. Ang Pinagmulan ng Relihiyon

4. Ang mga Patakaran ng Pagsasaksi o Pagpapahayag

5. Mga Panuri upang Malaman kung ang isang Tao (Muslim) ay lumisan sa Islam

6. Ang Tawheed (Ang Kaisahan ng Allah) a t ang mga Uri nito

7. Ang Shirk (Pagtatambal ng Iba sa Pagsamba sa Allah) at ang mga Uri nito

8. Ang Kufr (Kawalan ng Paniniwala) at ang mga Uri nito

9. Ang Nifaq (Pagkukunwari) at ang mga Uri nito

10. Ang Kahulugan ng Taghoot

## ANG TATLONG MAHAHALAGANG SALIGAN

Ang tatlong mahahalagang saligan na nararapat malaman ng bawat Muslim ay ang mga sumusunod:

1. Kaalaman tungkol sa kanyang **Rabb** (**Panginoon**)
2. Kaalaman tungkol sa kanyang relihiyon (**Islam**)
3. Kaalaman sa kanyang Propeta (**Muhammad**ﷺ)

Kapag tinanong: **Sino ang iyong Rabb**? Ang iyong nararapat na isagot ay: Ang aking *Rabb* ay ang Allah na Siyang lumikha at humubog sa akin at sa buong sansinukob sa pamamagitan ng Kanyang pagpapala. Ang aking pagsamba ay bukod-tanging inihahandog at iniaalay ng buong puso't katapatan sa Kanya. Sa katunayan, walang ibang nararapat sambahin bukod sa Allah.

Kapag tinanong: **Ano ang iyong relihiyon**? Ang iyong nararapat na isagot ay: Ang aking relihiyon (pananampalataya) ay ang Islam na nangangahulugan ng tapat na pagsuko at pagtalima sa Allahﷻ sa pamamagitan ng pagkilala sa Kanyang Kaisahan, pagsunod sa Kanyang mga Kautusan, at pag-iwas sa *Shirk* (pagsamba ng mga diyus-diyusan) at pagkapoot (at pagkamuhi) sa mga naninindigan dito.

Kapag tinanong: **Sino ang iyong Propeta**? Ang iyong nararapat na isagot ay: Ang aking Propeta ay si Muhammadﷺ, anak ni Abdullah bin Abdul Muttalib bin Hashim. Si Hashim ay mula sa angkan ng Quraish, at

ang Quraish ay isang angkang Arabo. Ang mga Arabo ay mga lahi ni Isma'il, na anak ni Ibrahim Al Khalil (ang kaibigan) ng Allah. (Nawa'y ipagkaloob sa kanilang dalawa (Ibrahim at Ismail) ang lahat ng habag at pagpapala ng Allah).

## ANG PINAGMUMULAN NG RELIHIYON

Ang pinagmumulan ng relihiyon ay nakasalalay sa dalawang bagay:

**1: Ang Pag-anyaya sa tao na sumamba lamang sa Allah** ﷻ – ang Tanging Nag-iisang Tunay na Diyos na karapat-dapat pag-ukulan ng lahat ng uri ng pagsamba. Siya ay walang katambal o kasama sa pagiging Diyos; panghihikayat sa iba na isagawa o isakatuparan ito (ang pagsamba), pakikipagkaibigan (at mabuting pakikipag-ugnayan) sa kanilang may pananampalataya ukol dito, at sa sinumang nagtatakwil nito ay itinuturing walang pananalig, samakatuwid sila ay di-nananampalataya.

**2: Ang Pagbibigay-babala laban sa Shirk (pagbibigay katambal sa pagsamba sa Allah** ﷻ**)**, ang mahigpit na pakikitungo o pakikipag-ugnayan sa kanila, ang pagkapoot sa kanila at ang pagtuturing sa kanila bilang di-mananampalataya.

## ANG PANGANGAILANGAN NG ISANG MATATAG NA PAGPAPAHAYAG

May pitong kondisyon upang ang **La Ilaha Illa Allah** (Walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah) ay magkaroon ng tunay na diwa at kahulugan:

1. **Ang Kaalaman** (*Al Ilm*) sa kahulugan nito na mayroong dalawang aspeto (ang pagsang-ayon at di-pasang-ayon nito).

2. **Ang Katiyakan** (*Al Yaqeen)* na may kalakip na ganap na kaalaman tungkol dito at siyang pumapawi sa lahat ng pag-aalinlangan at paghihinala.

3. **Ang Katapatan at Kadalisayan** (*Al Ikhlas*) ng layunin na siyang sumasalungat (at samakatuwid nagtatakwil nang ganap at tuwiran) sa kasalanang *Shirk (pagbibigay ng katambal o kasalo sa pagsamba sa Allah)*.

4. **Ang Makatotohanan** *(Al Sidq)* na siyang kabaligtaran ng kasinungalingan at nagbabawal sa gawang pagkukunwari.

5. **Ang Pagmamahal at Matiim na Pananalig** *(Al Mahabba)* sa Pagpapahayag ng Pananampalataya, sa mga kinakailangan o patakaran nito, at ang kasiyahan sa pagsasakatuparan nito.

6. **Ang Pagsuko at Pagtalima** *(Al Inquiad)* sa lahat ng tungkulin at pananagutan na siyang kumakatawan at bumubuo ng lahat ng uri ng pagsamba na tuwirang iniaalay lamang sa Allah at ang hangaring bigyan ng kasiyahan ang Allah bilang tanda ng pagsunod at pagpapakumbaba sa Kanya.

7. **Ang Pagtanggap** *(Al Qubool)* sa pagpapahayag o pagpapatunay ng pananampalataya na siyang kabaligtaran ng pagtanggi, pagtatwa at pagtalikod dito.

## MGA KATIBAYAN MULA SA QUR'AN AT SUNNAH

Ang mga nabanggit na kondisyon o pangangailangan sa tunay na pagpapahayag ng Pananampalataya ay hinango mula sa dalawang saligan ng Batas ng Islam. Ito ang siyang nagbibigay ng higit pang katatagan para sa isang mananampalataya upang ganap niyang madama ang diwa ng pananalig sa Nag-iisang Diyos na Tagapaglikha.

### 1. Ang Katibayan Tungkol sa Kaalaman:

Ang Allah ﷻ ay nagsabi:

فَاعْلَمْ أَنَّهُ لَا إِلَهَ إِلَّا اللَّهُ

***Kaya't alamin mo ( O Muhammad ﷺ) La ilaha illa-Allah (Na walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah). (Kabanata Muhammad, 47:19)***

At ang Allah ﷻ ay nagsabi:

وَلاَ يَمْلِـــكُ الَّذِينَ يَدْعُونَ مِن دُونِهِ الشَّفَاعَةَ إِلاَّ مَن شَهِدَ بِالْحَقِّ وَهُمْ يَعْلَمُونَ

***At yaong kanilang dinadalanginan (at sinasamba) bukod pa sa Allah ay walang kakayahan (kapangyarihan) upang makapamagitan; maliban yaong nagbibigay saksi sa katotohanan (silang nananampalataya sa Nag-iisang Tunay na Diyos-Ang Allah) at sila'y <u>nakaaalam</u> (tungkol sa Kaisahan ng Allah). (Kabanata Al Zukhruf, 43:86)***

Kanilang nauunawaan at nababatid sa kaibuturan ng kanilang mga puso kung ano ang namumutawi sa kanilang mga labi.

Mula sa mapapanaligang salaysay ni Uthman رضي الله عنه, naiulat na ang Sugo ﷺ ng Allah ay nagsabi:

***Sinuman (sa aking mga tagasunod) ang namatay na may lubos na <u>kaalaman</u> na walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, siya ay makapapasok sa Paraiso. (Bukhari at Muslim)***

## 2. Ang Katibayan Tungkol sa Katiyakan:

Ang Allah ﷻ ay nagsabi:

إِنَّمَـــا الْمُؤْمِنُونَ الَّذِينَ آمَنُوا بِاللَّهِ وَرَسُولِهِ ثُمَّ لَمْ يَرْتَابُوا وَجَاهَدُوا
بِأَمْوَالِهِمْ وَأَنفُسِهِمْ فِي سَبِيلِ اللَّهِ أُوْلَئِكَ هُمُ الصَّادِقُونَ

***Ang mga mananampalataya ay yaon lamang naniniwala sa Allah at sa Kanyang Sugo, at pagkaraa'y <u>hindi nagkaroon ng pag-aalinlangan</u> (tungkol dito), at kanilang ginugugol ang kanilang yaman at sarili sa landas ng Allah. Sila yaong mga matatapat." (Kabanata Al Hujurat, 49:15)***

Ang kalagayan ng kanilang paniniwala o pananampalataya sa Allah ﷻ at sa Kanyang Sugo ﷺ ay walang pag-aalinlangan o panghihinala. Samantalang sa mga nag-aalinlangan, sila yaong mapagkunwari.

Mula sa mapapanaligang salaysay ni Abu Hurairah رضي الله عنه na nagsabing ang Sugo ng Allah ﷺ ay nagsabi:

***Ako ay sumasaksi na walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah at ako ay Sugo ng Allah. Ang sinumang alipin na haharap sa Allah nang <u>walang pag-aalinlangan</u> sa pagsaksi tungkol dito, katiyakang, siya ay makapapasok sa Paraiso. (Bukhari)***

Sa isa pang salaysay:

***Sinumang alipin ang makahaharap sa Allah nang <u>walang pag- aalinlangan</u> sa pagsaksi tungkol dito ay hindi ilalayo (o ipagkakait sa kanya) ang Paraiso.***

Ang isang bahagi ng mahabang **Hadith** na iniulat ni Abu Hurairah ay:

***Sinumang nasa kabilang dingding na ito na sumasaksi na walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah, na naniniwala (naninindigan) dito nang buong-puso, ipagkaloob sa kanya ang magandang balita ng kanyang pagpasok sa Paraiso.***

**3. Ang Katibayan Tungkol sa Katapatan:**

Ang Allah ay nagsasabi:

أَلاَ لِلَّهِ الدِّينُ الْخَالِصُ

*Katiyakan, ang relihiyon (pagsamba at pagsunod) ay para sa Allah lamang. (Kanata Az-Zumar, 39:3)*

At Siya ay nagsabi:

وَمَا أُمِرُوا إِلاَّ لِيَعْبُدُوا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ حُنَفَاء

***At hindi sila pinag-utusan maliban na sila ay sumamba lamang sa Allah, at mag-alay ng tapat na panalangin. (Kabanata Al-Bayyinah, 98:5)***

Mula sa mapapanaligang salaysay ni Abu Hurairah, na si Propeta Muhammad ay nagsabi:

*Ang pinakamapalad na tao na makararanas ng aking pamamagitan (sa Araw ng Paghuhukom) ay yaong taong may katapatan sa puso sa pagpapahayag ng Walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah. (Bukhari)*

Iniulat ni Utban bin Malik na ang Propeta Muhammad ay nagsabi:

*Katotohanan, ipinagbawal ng Allah ang Impiyernong Apoy para sa mga taong tapat na nagsasabi ng 'Walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah. (Bukhari)*

Tinipon ni Nasai sa kanyang aklat na pinamagatang **Al-Yum wal-Lailah** (Ang Araw at ang Gabi) ang **Hadith** ng dalawang **Sahaba** (kasamahan ng Propeta) na nag-ulat na ang Propeta ay nagsabi:

*Sinuman (sa aking mga tagasunod) ang nagsabi ng 'La ilaha illa Allah, wahdahu la sharika lahu, lahul mulk wa lahul hamd, wa huwa ala kulli shaien Qadeer (Walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah. Siya ang Tanging walang katambal. Para sa Kanya ang kaharian at sa Kanya [karapat-dapat] ang lahat ng papuri. Siya ang Pinakamakapangyarihan sa lahat) nang matapat sa kanyang puso at sumasaksi sa kanyang dila,*

***bubuksan ng Allah ang langit para sa pahayag na ito, at Siya ay titingin sa tagapagsalita sa mga nilalang sa daigdig. At ang alipin na nakikita ng Allah na may karapatang pagkalooban ng kanyang hiling.***

**4. Ang Katibayan Tungkol sa Pagiging Makatotohanan:**

Ang Allah ﷻ ay nagsabi:

أَحَسِبَ النَّاسُ أَن يُتْرَكُوا أَن يَقُولُوا آمَنَّا وَهُمْ لَا يُفْتَنُونَ ۝ وَلَقَدْ فَتَنَّا الَّذِينَ مِن قَبْلِهِمْ فَلَيَعْلَمَنَّ اللَّهُ الَّذِينَ صَدَقُوا وَلَيَعْلَمَنَّ الْكَاذِبِينَ

***Inaakala ba ng tao na sila ay hahayaan na lamang nang dahil sa kanilang pagsasabi ng 'Kami ay naniniwala', at hindi na sila susubukan? Katotohanan! Aming sinubukan yaong mga nauna sa kanila. At katiyakan, batid ng Allah kung sino yaong <u>makatotohanan</u> at yaong mga sinungaling." (Kabanata Al-Ankabut, 29:2-3)***

At Kanyang sinabi:

وَمِنَ النَّاسِ مَن يَقُولُ آمَنَّا بِاللَّهِ وَبِالْيَوْمِ الآخِرِ وَمَا هُم بِمُؤْمِنِينَ ۝ يُخَادِعُونَ اللَّهَ وَالَّذِينَ آمَنُوا وَمَا يَخْدَعُونَ إِلاَّ أَنفُسَهُم وَمَا

يَشْعُرُونَ ﴿٩﴾ فِي قُلُوبِهِم مَّرَضٌ فَزَادَهُمُ اللَّهُ مَرَضاً وَلَهُم عَذَابٌ أَلِيمٌ بِمَا كَانُوا يَكْذِبُونَ ﴿١٠﴾

***At mula sa sangkatauhan, mayroon sa kanila ang nagsasabi ng 'Kami ay naniniwala sa Allah at sa Huling Araw' subalit hindi sila tunay na naniniwala. Iniisip nila na nalinlang nila ang Allah at ang mga (tunay na) naniniwala subalit tanging sarili lamang nila ang kanilang nalinlang at hindi nila ito napag-iisipan. At sa kanilang puso ay (may) isang sakit (ng pag-aalinlangan at pagkukunwari) at dinadagdagan pa ng Allah ang kanilang sakit. Isang kasakit-sakit na parusa ang mapapasakanila, sapagkat sila ay palagiang pagsisinungaling. (Kabanata Al-Bakarah, 2:8-10)***

Isinalaysay ni Mu'adh bin Jabl ﷺ (na ito ay nagmula sa Propeta ﷺ): ***Walang sino man ang sumaksi ng'La ilaha illa Allah wa anna Muhammadan abduhu wa Rasuluhu (Walang tunay na Diyos maliban sa Allah at si Muhammad ay Kanyang alipin at Kanyang Sugo)' nang makatotohanan mula sa kanyang puso, maliban sa ipagbabawal ng Allah sa kanya ang Impiyernong Apoy. (Bukhari, Muslim)***

**5. Ang Katibayan Tungkol sa Pagmamahal:**

Ang Allah ﷻ ay nagsabi:

وَمِـــنَ الـــنَّاسِ مَن يَتَّخِذُ مِن دُونِ اللّهِ أَندَاداً يُحِبُّونَهُمْ كَحُبِّ اللّهِ وَالَّذِينَ آمَنُواْ أَشَدُّ حُبّاً لِّلّهِ

***At mula sa sangkatauhan ay may ibang itinatangi (sinasamba) bukod pa sa Allah bilang karibal (ng Allah). Minamahal nila ang mga ito katulad ng pagmamahal nila sa Allah. Ngunit yaong mga naniniwala ay nagmamahal sa Allah nang higit (sa anupaman). (Kabanata Al-Bakarah, 2:165)***

At Kanyang sinabi:

يَـــا أَيُّهَا الَّذِينَ آمَنُواْ مَن يَرْتَدَّ مِنكُمْ عَن دِينِهِ فَسَوْفَ يَأْتِي اللّهُ بِقَوْمٍ يُحِـــبُّهُمْ وَيُحِبُّونَهُ أَذِلَّةٍ عَلَى الْمُؤْمِنِينَ أَعِزَّةٍ عَلَى الْكَافِرِينَ يُجَاهِدُونَ فِي سَبِيلِ اللّهِ وَلاَ يَخَافُونَ لَوْمَةَ لآئِمٍ

***O kayong mga mananampalataya! Sinuman sa inyo ang tumalikod sa kanyang relihiyon (Islam), (magkagayon) magdadala ng ibang tao ang Allah (at papalitan kayo) ng mga taong mamahalin Niya at magmamahal sa Kanya, mapagpakumbaba sa kapwa mananampalataya, mahigpit laban sa mga di-sumasampalataya, nakikipaglaban sa Landas ng Allah, at kailanman ay hindi natatakot (nangangamba) sa paratang ng mga mapagparatang. (Kabanata Al-Maidah, 5:54)***

Isinalaysay ni Anas na ang Sugo ng Allahﷺ ay nagsabi:

***Sinuman ang nagtataglay ng mga sumusunod na katangian, malalasap niya ang tamis ng Pananampalataya:***

Ang mahalin ang Allahﷻ at ang Kanyang Sugo (Muhammadﷺ) nang higit sa anupaman, ang mahalin ang isang tao dahil sa Allahﷻ lamang; at ang masuklam na bumalik sa di-paniniwala kagaya ng pagkasuklam niyang maitapon sa Apoy."

**6. Ang Katibayan Tungkol sa Pagsuko:**

Ang Allah ﷻ ay nagsabi:

وَأَنِيبُوا إِلَى رَبِّكُمْ وَأَسْلِمُوا لَهُ

***At magbalik-loob ng may (tapat na) pagsisisi sa inyong Rabb (Panginoon) at isuko (ang inyong mga sarili) sa Kanya (sa Islam). (Kabanata Az-Zumar, 39:54)***

At Kanyang sinabi:

وَمَنْ أَحْسَنُ دِينًا مِّمَّنْ أَسْلَمَ وَجْهَهُ لِلَّهِ وَهُوَ مُحْسِنٌ

***At sino ba ang (taong) nakahihigit sa pananampalataya kaysa sa isang isinusuko ang kanyang mukha (sarili) sa Allah at siya ay isang***

***Muhsin (Masigasig gumawa ng mga kamabutihan at umiiwas sa mga kasamaan). (Kabanata An-Nisa, 4:125)***

At Kanya ring sinabi:

وَمَــن يُسْــلِمْ وَجْهَهُ إِلَى اللَّهِ وَهُوَ مُحْسِنٌ فَقَدِ اسْتَمْسَكَ بِالْعُرْوَةِ الْوُثْقَى

***At sinumang isuko ang kanyang mukha (sarili) sa Allah habang siya ay Muhsin, samakatwid siya ay tumangan sa pinakamapagkakatiwalaang hawakan. (Kabanata Luqman, 31:22)***

At Kanya ring sinabi:

فَلاَ وَرَبِّكَ لاَ يُؤْمِنُونَ حَتَّىَ يُحَكِّمُوكَ فِيمَا شَجَرَ بَيْنَهُمْ ثُمَّ لاَ يَجِدُواْ فِي أَنفُسِهِمْ حَرَجًا مِّمَّا قَضَيْتَ وَيُسَلِّمُواْ تَسْلِيمًا

***Ngunit hindi, saksi ang inyong Rabb (Panginoon), hindi sila magkakaroon ng pananampalataya hangga't hindi ka nila ginagawang tagapagpasiya (O Muhammad) sa lahat ng kanilang pagtatalo (o di-pagkakaunawaan) at walang nakikitang anumang pagtutol sa kanilang mga sarili laban sa iyong mga pasiya at tinatanggap (ang mga ito) nang may lubos na pagsuko. (Kabanata An-Nisa, 4:65)***

Ang Propetaﷺ ay nagsabi:

***Wala sa inyo ang maaaring maging tunay na Muslim hanggang sa ang kanyang pagnanais ay <u>sumuko</u> sa anumang aking dala (na Kapahayagan).***

Tunay, ito ang lubos na pagsuko at ang dapat maging layunin ng isang Muslim.

**7. Ang Katibayan Tungkol sa Pagtanggap:**

Ang Allahﷻ ay nagsabi:

وَكَذَلِــكَ مَا أَرْسَلْنَا مِن قَبْلِكَ فِي قَرْيَةٍ مِّن نَّذِيرٍ إِلَّا قَالَ مُتْرَفُوهَا إِنَّا
وَجَدْنَــا آبَاءنَــا عَلَى أُمَّةٍ وَإِنَّا عَلَى آثَارِهِم مُّقْتَدُونَ [] قَالَ أَوَلَوْ
جِئْــتُكُم بِــأَهْدَى مِمَّا وَجَدتُّمْ عَلَيْهِ آبَاءكُمْ قَالُوا إِنَّا بِمَا أُرْسِلْتُم بِهِ
كَافِرُونَ [] فَانتَقَمْنَا مِنْهُمْ فَانظُرْ كَيْفَ كَانَ عَاقِبَةُ الْمُكَذِّبِينَ []

***At gayundin, hindiKami nagpadala ng tagapagbigay-babala na nauna sa iyo (O Muhammadﷺ) sa anumang bayan (tao), ngunit ang mga mayayaman sa kanila ay nagsabi: 'Natagpuan namin ang aming mga ninuno na sumusunod sa isang kaugalian at relihiyon at tunay na kami ay susunod sa kanilang mga yapak.' (Ang tagapagbigay-babala) ay nagsabi: 'Kahit na ako ay magdadala sa inyo ng higit na mainam na patnubay kaysa sa natagpuan ninyong sinusunod ng inyong mga ninuno?' Sila ay nagsabi:***

*'Katotohanan, kami ay hindi naniniwala diyan sa ipinadala sa iyo.' Kaya't Aming ginantihan sila, at tingnan kung ano ang naging wakas ng mga nagtatwa. (Kabanata Al Zukhruf, 43:23-25)*

At Kanyang sinabi:

إِنَّهُمْ كَانُوا إِذَا قِيلَ لَهُمْ لاَ إِلَهَ إِلاَّ اللَّهُ يَسْتَكْبِرُونَ ▯ وَيَقُولُونَ أَئِنَّا
لَتَارِكُوا آلِهَتِنَا لِشَاعِرٍ مَّجْنُونٍ

*Tunay, nang sabihin ito sa kanila: 'Walang tunay na Diyos na dapat sambahin maliban sa Allah', sila ang naging palalo sa pagmamalaki (at itinatwa ito). At (kanilang) sinabi: 'Iiwanan ba namin ang aming mga diyos para sa kapakanan ng isang makatang nasisiraan ng bait? (Kabanata As-Saffat, 37:35-36)*

Isinalaysay ni Abu Musa na mula sa Propeta na nagsabi:

*Ang kahalintulad ng patnubay at kaalaman na ipinadala sa akin ng Allah ay katulad ng ulan na bumubuhos sa lupa. Ang ilan ay matabang lupa na nagpasibol ng halamanan at damo nang masagana, (at) ang isa pang bahagi nito ay matigas na lupa at inipon nito ang tubig-ulan at binigyang-kapakinabangan ng Allah ang mga tao dito. At ito ay kanilang ginamit na inumin at sa pagpapatubig sa lupa para sa pagtatanim. (At) ang isang bahagi nito*

*ay tuyo na hindi makapag-ipon sa tubig ni makapagpasibol ng halamanan (kaya ang lupang ito ay hindi nakapagbigay-kapakinabangan). Ang una ay ang halimbawa ng tao na nakakaunawa ng relihiyon ng Allah (Islam) at nakakuha (nakatanggap) ng kapakinabangan (mula sa kaalaman) na ipinahayag ng Allah sa pamamagitan ko at natututuhan at pagkatapos ay itinuturo ito sa iba. Ang (huling halimbawa ay yaong sa isang) tao na hindi tumatanggap ng patnubay ng Allah na ipinahayag sa pamamagitan ko.(Siya ay kagaya ng tuyong lupa.)*

## MGA PANURI UPANG MALAMAN ANG TAO AY LUMISAN SA ISLAM

Ang paglisan ng isang tao sa ilalim ng relihiyong Islam ay binubuo ng sampung kadahilanan:

1. Shirk o Polytheismo (pagtatambal ng mga diyus-diyusan sa pagsamba sa Allah) katulad ng sinabi ng Allah ﷻ:

إِنَّ اللّهَ لاَ يَغْفِرُ أَن يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَن يَشَاء

*Katotohanan, hindi pinatatawad ng Allah ang (kasalanang) pagtatambal ng iba (sa pagsamba) sa Kanya. Ngunit Kanyang pinatatawad ang ibang kasalanan bukod ditto sa sinumang Kanyang nais. (Kabanata An-Nisa4:116)*

At Kanyang sinabi:

إِنَّــهُ مَــن يُشْرِكْ بِاللّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللّهُ عَلَيهِ الْجَنَّةَ وَمَأْوَاهُ النَّارُ وَمَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ أَنصَارٍ

***...Katotohanan, sinumang magbigay katambal sa pagsamba sa Allah, magkagayo'y, ay ipagbabawal (ipagkakait) ng Allah sa kanya ang Paraiso, at ang Apoy ang kanyang magiging tahanan. At para sa mga mapaggawa ng masama, walang makatutulong sa kanila. (kabanata Al-maidah, 5:72)***

Maging, ang pagkatay at pag-aalay ng hayop para sa iba maliban sa Allahﷻ, katulad ng pag-aalay sa *jinn* (demonyo), santo, imahen, o sa mga libingan ay itinuturing din bilang isang gawang polyteismo.

2. Sinumang naghirang bilang mga tagapamagitan sa pagitan niya sa Allah (katulad halimbawa ng mga santo, rebulto, mga banal na tao), at sila'y nananalangin sa mga ito at humihiling sa kanilang mamagitan sa Allahﷻ para sa kanya, at ibinibigay ang kanyang pagtitiwala sa kanila, siya ay itinuturing bilang isang di-nananampalataya.

3. Sinumang nagtuturing sa mga nagtatambal ng iba sa pagsamba sa Allahﷻ (mga mushrik) bilang mga mananampalataya, at sila ay hindi nag-aalinlangan sa kanilang pananampalataya ng mga ito, o nagtuturing na

tama ang kanilang paniniwala, siya ay nabibilang sa kanila na di-nananampalataya.

4. Sinumang naniniwala na ang patnubay ng iba ay higit na ganap (o mainam) kaysa sa patnubay na dinala ni Propeta Muhammadﷺ, at siyang naniniwala na ang batas ng iba ay nakahihigit kaysa sa batas na dala ni (Muhammadﷺ), ay kahalintulad ng isang taong higit na ninanais ang pamamahala ng mga huwad na mga diyus-diyusan kaysa sa pamamahala ng Allahﷻ. Samakatuwid, siya ay isang di-nananampalataya.

5. Sinumang nasusuklam (o namumuhi) sa anumang dalang batas (o gawang pagsamba) ng Propetaﷺ kahit na ito ay kanyang isinasagawa ay itinuturing bilang isa ring di-nananampalataya.

6. Sinumang kumutya (o lumibak) sa anumang bagay na sumasaklaw sa relihiyon ni Propeta Muhammadﷺ maging sa mga paksang nauukol sa gantimpala o kaparusahan binabanggit dito ay itinuturing bilang isa ring di-mananampalataya. Ang Allahﷻ ay nagsabi:

قُلْ أَبِاللَّهِ وَآيَاتِهِ وَرَسُولِهِ كُنتُمْ تَسْتَهْزِئُونَ ۝ لَا تَعْتَذِرُوا قَدْ كَفَرْتُم بَعْدَ إِيمَانِكُمْ

***Sabihin: Ang inyo bang kinukutya ay ang Allah at ang Kanyang Ayat (mga patunay, katibayan, talata, aral, palatandaan, kapahayagan, atbp.) at ang Kanyang Sugo? Huwag magdahilan pa; kayo ay***

***naging di-nananampalataya pagkaraan ninyong maniwala. (Kabanata At-Tawbah, 9:65-66)***

7. Sinumang nagsasagawa ng karunungang itim (pangungulam, at panggagayuma at iba pang kaugnay nito). At yaong nasisiyahan at sumasang-ayon sa ganitong gawain ay kabilang din sa mga di nananampalataya:

وَمَا يُعَلِّمَانِ مِنْ أَحَدٍ حَتَّى يَقُولاَ إِنَّمَا نَحْنُ فِتْنَةٌ فَلاَ تَكْفُرْ

***...Ngunit hindi ang dalawang (anghel) na ito ang nagturo sa sinuman (ng gayong mga bagay) maliban sa pagsasabi: 'Kami ay para sa pagsubok lamang,(kaya't) huwag maging di-nananampalataya (sapamamagitan ng pag-aaral ng karunungang itim mula sa amin). (Kabanata Al-Baqarah, 2:102)***

8. Sinumang nagtataguyod o nagbibigay tulong sa mga mushrik (taong sumasamba sa iba bukod sa Allahﷻ at tumutulong sa kanila laban sa mga Muslim. Ang Allahﷻ ay nagsabi:

وَمَن يَتَوَلَّهُم مِّنكُمْ فَإِنَّهُ مِنْهُمْ إِنَّ اللّهَ لاَ يَهْدِي الْقَوْمَ الظَّالِمِينَ

***...At kung sinuman sa inyo ang nagturing sa kanila (bilang mga Auliya), magkagayo'y siya ay tunay na nabibilang sa kanila. Katotohanan, hindi pinapatnubayan ng Allah yaong mga taong hindi***

***makatarungan (nagtatambal ng iba sa pagsamba sa Allah). (Kabanata Al-Maidah, 5:51)***

9. Sinumang naniniwala na mayroong ilang tao na di-saklaw o sakop (hindi dapat pumailalim) sa pagsunod sa **Shariah** (Batas ng Islam) ni Muhammadﷺ, katulad ng mga (naunang mamamayang tagasunod ni Khdir) na nagsasabing sila ay hindi sakop sa pagsunod sa Batas ni Musa (Moses), ay itinuturing bilang isa ring di-mananampalataya.

10. Sinumang ang nagpawalang-bahala (at di nagbigay pansin) sa relihiyon ng Allahﷻ sa pamamagitan ng hindi pag-aaral nito at sa di-pagsasagawa o pagsasakatuparan nito, siya'y tumalikod din sa islam. Ang Allahﷻ ay nagsabi:

وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّن ذُكِّرَ بِآيَاتِ رَبِّهِ ثُمَّ أَعْرَضَ عَنْهَا إِنَّا مِنَ الْمُجْرِمِينَ مُنتَقِمُونَ

***At sino ang nakakagawa ng higit na pagkakasala kaysa sa isang binigyang ng paalala (hinggil)sa Ayat (mga patunay, katibayan, talata, aral, palatandaan, kapahayagan, atbp.) ng kanyang Panginoon at pagkaraan ay isantabi (o talikuran) ito? Katotohanan, Kami ay maglalapat ng ganti sa mga Mujrimun (mga kriminal, makasalanan, di-naniniwala, nagtatambal ng iba sa pagsamba sa Allah, makasalanan, atbp.) (Kabanata as-Sajdah, 32:22)***

Walang pagkakaiba ang isang mapagbiro at seryosong tao hinggil sa mga bagay na nagpapawalang-bisang ng kanyang pagiging Muslim maliban sa isang taong nasa bingit ng kagipitan. Lahat ng kadahilanang ito ay sadyang mapanganib at karaniwang nangyayari. Kung kaya ang isang Muslim ay nararapat na mag-ingat at matakot sa mga ito para sa kanyang sarili. Tayo ay nagpapakupkop sa Allah ﷻ mula sa mga nagbubunsod ng Kanyang poot at matinding kaparusahan.

# TAWHEED

## (ANG KAISAHAN NG ALLAH O ISLAMIKONG PAGSAMBA SA NAG-IISANG DIYOS)

Ang Tawhid ay isang katagang nagpapahiwatig ng paniniwala sa (ganap na) Kaisahan ng Allah ayon sa katuruan ng Islam na nagpapahayag na ang Allah ﷻ ay (ganap na) nag-iisa at walang katambal. Sa Kanya ang pagmamay-ari ng Kataas-taasang Kapangyarihan at ng lahat ng Papuri (o parangal). Siya ay hindi nagkaanak at hindi rin ipinanganak. Siya ay walang anumang karibal o kasama sa kanyang pagka-Diyos at Kapamahalaan.

1. **Tawheed Ar-Rububiyah** (Kaisahan ng Kanyang Pagka-Panginoon)

Bagaman, ang mga pagano sa panahon ng Sugo ng Allah (Muhammad ﷺ) ay naniniwala dito, hindi pa rin sila binigyang-karapatang pumasok sa Islam. Bagkus, ang Propeta ﷺ ay nagpahintulot sa Muslim na makipaglaban at makipagdigmaan sa kanila at pagkuha sa kanilang

mga ari-arian bilang labi ng digmaan (sapagkat sila ay nagtakda o nagtayo para sa kanilang sarili ng mga diyus-diyusan katulad nina Lat, Uzza, at Manat bilang katambal ng Allah). Ang **Tauhid Ar-Rububiyah** ay paninindigan sa Kaisahan ng Allah ﷻ sa lahat ng Kanyang mga gawa kagaya ng matutunghayan sa Qur'an:

قُلْ مَن يَرْزُقُكُم مِّنَ السَّمَاءِ وَالأَرْضِ أَمَّن يَمْلِكُ السَّمْعَ والأَبْصَارَ وَمَن يُخْرِجُ الْحَيَّ مِنَ الْمَيِّتِ وَيُخْرِجُ الْمَيَّتَ مِنَ الْحَيِّ وَمَن يُدَبِّرُ الأَمْرَ فَسَيَقُولُونَ اللّهُ فَقُلْ أَفَلاَ تَتَّقُونَ

***Sabihin: Sino ang nagbibigay panustos sa inyo mula sa langit at lupa? O sino ang nagmamay-ari ng pandinig at paningin? At sino ang nagbibigay buhay mula sa patay at sino ang nagbibigay kamatayan mula sa pagkabuhay? At sino ang namamahala sa lahat ng bagay?" Sila ay magsasabi: "Allah". Sabihin: "kung gayon hindi ba kayo natatakot sa kaparusahan ng Allah (dahil sa pagtatakda ninyo ng katambal saKanya sa pagsamba)? (Kabanata Yunus, 10:31)***

Ito ay nangangahulugan na pinapangyari ng Allah ﷻ na ang lahat ng bagay ay mabuhay. Siya ang tangi nagtutustos at nagpapanatili sa mga nilikha. Siya ang Tanging Nag-iisang Panginoon ng sansinukob at wala Siyang pangangailangan sa kaninuman para gawing katulong. (Napakaraming talata sa Qur'an ang

tumatalakay tungkol sa paksang ito ngunit isa lamang ang aming sinipi bilang paglilinaw.)

2. **Tawheed al-Uluhiyah** (Kaisahan ng [Ating] Pagsamba [sa Kanya] o Kaisahan ng Kanyang Pagka-Diyos).
Ito ang malaon ng pinagtatalunan sa iba't-ibang yugto ng panahon hanggang sa ngayon. Ipinahihiwatig nito ang paniniwala na ang Allahﷻ ang tanging Isang Diyos na Siyang may karapatan sa lahat ng ating gawaing pagsamba katulad ng pagdalangin, pangako o panata, pagkatay ng hayop bilang pag-aalay, pag-asa, pagkatakot, pagtitiwala, pagnanasa, paghanga at pagsisisi. Ang bawat isa sa mga ito ay pinatutunayan ng mga katibayan mula sa Qur'an.

3. **Tawheed Al-Asmaa wa Assifat** (Kaisahan ng Allahﷻ sa Kanyang mga (Banal) Na Pangalan at Katangian)
Nangangahulugan ito ng pagpapatunay sa lahat ng Kanyang [Allahﷻ] Banal na Pangalan at Katangian ng sa ganoon ding kahulugan nang walang pagbibigay ng ibang kahulugan, pagpapalit at pagbabago, paghahambing at pagdaragdag, atbp:

قُلْ هُوَ اللَّهُ أَحَدٌ ▯ اللَّهُ الصَّمَدُ ▯ لَمْ يَلِدْ وَلَمْ يُولَدْ ▯ وَلَمْ يَكُن لَّهُ كُفُوًا أَحَدٌ ▯

*Sabihin (O Muhammad): 'Siya ang Allah (ang) lisa. Ang Allah, ang may kasapatan (walang pangangailagan). Siya ang Sandigan ng lahat ng mga nilikha. Siya ay hindi nagkaanak, at hindi rin ipinanganak. At sa Kanya ay walang makapapantay (o makakatulad). (Kabanata Al-Ikhlas, 112 : 1-4)*

وَلِلّهِ الأَسْمَاء الْحُسْنَى فَادْعُوهُ بِهَا وَذَرُواْ الَّذِينَ يُلْحِدُونَ فِي أَسْمَآئِهِ سَيُجْزَوْنَ مَا كَانُواْ يَعْمَلُونَ

*At ang (lahat ng) mga Pinakamagandang Pangalan ay pagmamay-ari ng Allah. Kung kaya't manawaga sa Kanya sa pamamagitan ng mga ito. At iwanan ang samahang nagtatatwa ng Kanyang mga Pangalan. Sila ay pagbabayarin sa sa datinilang ginagawa. (Kabanata Al-A'raf, 7:180)*

لَيْسَ كَمِثْلِهِ شَيْءٌ وَهُوَ السَّمِيعُ الْبَصِيرُ

*...Sa Kanya ay walang makakatulad at Siya ang Lubos na Nakaririnig, ang Lubos na nakakakita. (Kabanata Ash-Shura, 42:11)*

## ANG MGA URI NG SHIRK

**(PAGTATAMBAL NG IBA SA PAGSAMBA SA ALLAH ﷻ)**

Ang kabaligtaran ng Tawheed ay ang Shirk na nangangahulugan ng pagtatambal ng iba sa pagsamba sa Allahﷻ. Isa sa pinakamalaking kasalanan na maaaring kasangkutan ng tao ay ang pagsamba sa mga nilikhang bagay. Sa mahabang panahon, ang Allahﷻ ay lagi nang nagbibigay paalala sa tao na lumayo sa gawang pagsamba sa mga bagay na wala namang mabuting dahilan.

Mayroong Tatlong Uri ng Shirk:

1. **Ash-Shirk Al-Akbar** *(Malaki /mabigat na uri ng Shirk (Polytheismo-Ang Pagsamba bukod pa sa Allah)*
Ang mabigat na Polytheismo (Shirk) ay ang pag-aalay ng anumang uri ng pagsamba sa sinuman o anupaman maliban sa Allah. Kailanman, ito ay kasalanang hindi mapapatawad ng Allah, at maging ang anumang mabuting gawa kaugnay nito, katulad ng sinabi ng Allah sa Qur'an:

إِنَّ اللَّـــهَ لاَ يَغْفِرُ أَن يُشْرَكَ بِهِ وَيَغْفِرُ مَا دُونَ ذَلِكَ لِمَن يَشَاء وَمَن يُشْرِكْ بِاللّهِ فَقَدْ ضَلَّ ضَلاَلاً بَعِيدًا

***Katotohanan, hindi pinatatawad ng Allah ang (kasalanang) pagtatambal ng iba sa Kanya. Ngunit Kanyang pinatatawad ang ibang kasalanan maliban dito sa sinumang Kanyang nais. At sino mang magtambal ng iba sa Allah ay tunay na naligaw ng malayo(mula sa tamang landas). (Kabanata an-Nisa, 4:116)***

Ang Allah ﷻ ay nagsabi rin:

وَقَالَ الْمَسِيحُ يَا بَنِي إِسْرَائِيلَ اعْبُدُواْ اللّهَ رَبِّي وَرَبَّكُمْ إِنَّهُ مَن يُشْرِكْ بِاللّهِ فَقَدْ حَرَّمَ اللّهُ عَلَيهِ الْجَنَّةَ وَمَأْوَاهُ النَّارُ وَمَا لِلظَّالِمِينَ مِنْ أَنصَارٍ

***At ang Mesiyas (Hesus) ay nagsabi: 'O angkan ni Israel! Sambahin ang Allah, ang aking Panginoon at inyong Panginoon. Katotohanan, sinumang magbigay katambal sa pagsamba sa Allah, magkagayo'y ipagbabawal ng Allah sa kanya ang Paraiso, at ang Apoy ang kanyang magiging tirahan. At para sa mga mapapaggawa ng masama, walang makatutulong sa kanila. (Kabanata Al-Maidah, 5:72)***

Ang Allah ﷻ ay patuloy na nagsabi:

وَقَدِمْنَا إِلَى مَا عَمِلُوا مِنْ عَمَلٍ فَجَعَلْنَاهُ هَبَاء مَّنثُورًا

***At Aming haharapin ang anumang gawa na kanilang (mga di-naniniwala, nagtatambal ng iba sa pagsamba sa Allah, makasalanan, atbp.) ginawa, at Aming gagawin ang mga gawang ito na nagkalat na lumulutang na alikabok." (Kabanata Al-Furqan, 25:23)***

Walang idudulot na kabutihan ang anumang mabuting gawa ng mga sumasamba sa mga diyus-diyusan. Hindi

tatanggapin ng Allah ang kanilang nga gawa sa dahilang sila'y tumalikod o nagbibigay katambal sa Kanya.

Ang Allahﷻ ay nagsabi pa rin:

لَئِنْ أَشْرَكْتَ لَيَحْبَطَنَّ عَمَلُكَ وَلَتَكُونَنَّ مِنَ الْخَاسِرِينَ

***...Kung magbibigay ka ng katambal sa pagsamba sa Allah, katunayan ang (lahat ng) iyong mga gawa ay mawawalang-saysay, at katiyakang kayo ay isa sa mga talunan. (Kabanata Az-Zumar, 39:65)***

Siya na Makapangyarihan (Allahﷻ) ay nagsabi rin:

وَلَوْ أَشْرَكُوا لَحَبِطَ عَنْهُم مَّا كَانُوا يَعْمَلُونَ

***...at kung nagtakda sila ng katambal (sa pagsamba) sa Allah, ang lahat ng dati nilang ginagawa ay walang kapakinabangan sa kanila. (Kabanata Al-An'am, 6:88)***

**Ang Mabigat na Polytheismo (Shirk Al-Akbar) ay may Apat na Uri**

1. Ang Shirk sa Pamamagitan ng **Pagsusumamo o Panawagan** (Pananalangin sa iba maliban sa Allah) – katulad ng sinasabi ng Makapangyarihan (Allah):

فَإِذَا رَكِبُوا فِي الْفُلْكِ دَعَوُا اللَّهَ مُخْلِصِينَ لَهُ الدِّينَ فَلَمَّا نَجَّاهُمْ إِلَى الْبَرِّ إِذَا هُمْ يُشْرِكُونَ

***At kapag sila ay naglayag sa sasakyang dagat, sila ay nananalangin sa Allah, nang buong katapatan, inuukol sa Kanya ang Pananampalataya; subalit (masdan!), sila ay muli na naming nagtatakda ng mga katambal (sa Allah) sa sandaling sila ay Kanyang iniligtas sa kalupaan. (Kabanata Al-Ankabut, 29:65)***

2. Ang Shirk mula sa mga **Layunin, Naisin at Hangarin** – katulad ng ipinapahayag ng talata sa Qur'an:

مَـن كَانَ يُرِيدُ الْحَيَاةَ الدُّنْيَا وَزِينَتَهَا نُوَفِّ إِلَيْهِمْ أَعْمَالَهُمْ فِيهَا وَهُمْ فِيهَا لاَ يُبْخَسُونَ ▯ أُوْلَـئِكَ الَّذِينَ لَيْسَ لَهُمْ فِي الآخِرَةِ إِلاَّ النَّارُ وَحَبِطَ مَا صَنَعُواْ فِيهَا وَبَاطِلٌ مَّا كَانُواْ يَعْمَلُونَ

***Sinumang magnasa ng buhay sa mundo at ng ningning nito, Aming babayaran sila nang lubos sa kanilang mga gawa doon at sila ay hindi magkakaroon ng kabawasan dito. Sila'y wala ng makukuha sa kabilang buhay kundi ang Apoy, at walang kabuluhan ang kanilang mga gawa dito, at walang ibubunga ang kanilang ginagawa noon. (Kabanata Hud, 11:15-16)***

3. Ang Shirk sa Pamamagitan ng **Pagsunod** (Pagpapakita ng Handang Pagsunod sa mga Utos ng iba sa Pagsuway sa Allah).

Ang katibayan nito ay ang pahayag ng Allahﷻ:

اتَّخَذُواْ أَحْبَارَهُمْ وَرُهْبَانَهُمْ أَرْبَابًا مِّن دُونِ اللّهِ وَالْمَسِيحَ ابْنَ مَرْيَمَ وَمَـــا أُمِرُواْ إِلاَّ لِيَعْبُدُواْ إِلَـــهًا وَاحِدًا لاَّ إِلَـــهَ إِلاَّ هُوَ سُبْحَانَهُ عَمَّا يُشْرِكُونَ

*Sila (Hudyo at Kristiyano) ay nagturing sa kanilang mga rabbi at sa kanilang mga pari na kanilang mga panginoon bukod sa Allah (sa pamamagitan ng pagsunod sa kanila sa mga bagay na kanilang ipinahihintulot o ipinagbabawal ayon sa kanilang sariling mga hangarin na hindi ipinag-uutos ng Allah) at (kanila ding itinuturing na panginoon) ang Mesiyas na anak ni Maria, samantalang, ipinag-utos sa kanila (Hudyo at Kristiyano) (sa mga Batas ni Moses sa Torah at sa Ebanghelyo ni Hesus) na walang dapat na sambahin kundi ang Iisang Diyos (Allah) – walang tunay na Diyos maliban sa Kanya. Ang papuri at luwalhati ay sa Kanya, (Sadyang kay layo Niya sa anumangkanilang iniuugnay [sa Kanya].) (Kabanata at-Tawbah, 9:31)*

Ang kahulugan nito ay tumutukoy sa pagsunod sa mga Relihiyosong pantas at ibang pang maalam na tao sa pagsuway sa Allahﷻ, at hindi sa pagtuon ng pananalangin sa kanila. Kagaya ng pagkakapaliwanag (nito) ng Propetaﷺ kay Abi Abu Hatim na ang ibig sabihin ng pagsamba dito ay ang <u>pagsunod sa kanila</u>, sa kanilang mga makasalanang gawain.

4. Ang Shirk sa Pamamagitan ng **Pagmamahal** (Pagpapakita ng pagmamahal sa iba na dapat ay para sa Allah lamang) – katulad ng sinabi ng Allahﷻ:

وَمِنَ النَّاسِ مَن يَتَّخِذُ مِن دُونِ اللَّهِ أَندَادًا يُحِبُّونَهُمْ كَحُبِّ اللَّهِ
وَالَّذِينَ آمَنُوا أَشَدُّ حُبًّا لِّلَّهِ

***At sa sangkatauhan ay may ibang sumasamba bukod pa sa Allah. Minamahal nila ang mga ito katulad ng pagmamahal nila sa Allah. (Kabanata, 2:165)***

2. **Ash-Shirk Al-Asghar** (*Ang Maliit na Uri ng Shirk*) Ang maliit na Shirk ay Riyaa (pakitang-tao o pagkukunwari), at pagsumpa sa ngalan ng iba bukod sa Allah; at ang panunumpa "*Sa pahintulot ng Allah at sa pahintulot ni...*"

**Ang sabi ng Propetaﷺ: "*Ang higit kong kinatatakutan sa inyo ay ang Shirk Al Asghar.*" Nang siya ay tanungin kung ano ang *Shirk Al Asghar*, siya'y**

**nagsabi; *ang nakakubling Shirk*. (Ahmed, Tabrani at Bayhaqi)**

**Ang Propeta ay nagsabi rin: "Sinumang sumumpa sa pangalan ng iba maliban sa Allah ay isang Mushrik (sumasamba sa diyus-diyusan).**

3. **Ash-Shirk Al-Khafi** (*Ang Shirk na di-nakikita[di halata]* )
Ang nakatagong Shirk ay ipinaliwanag ng Propeta:

***Ang di-nakikitang Shirk sa Ummah (sambayanang Muslim) na ito ay nakatago nang higit pa sa mga bakas ng itim na langgam sa itim na bato sa isang madilim na gabi.***

**Ang pagbabayad (sa kapatawaran) nito ayon sa pahayag na Propeta ay: *"O Allah! Katotohanan ako ay nagpapakukop sa Iyo laban sa pagtatambal ng iba sa Iyo at ako ay nagsusumamo para sa Iyong kapatawaran sa mga kasalanang hindi ko nalalaman."***

## ANG KUFR (DI-PANINIWALA) AT ANG MGA URI NITO

Ang Kufr (Di-Paniniwala) ay may dalawang Uri:

1. **AL-KUFR AL-AKBAR (Ang Mabigat na Uri ng Di-paniniwala)**

Ang **<u>Mabigat na Uri ng Kufr</u>** ang siyang pangunahing nagbibigay daan upang ang isang mananampalataya ay lumisan sa ilalim ng relihiyong Islam.
Ito ay may limang uri:

1. **Ang Kufr ng Pagtatatwa (o Pagtakwil)** – katulad ng sinabi ng Allah ﷻ:

وَمَنْ أَظْلَمُ مِمَّنِ افْتَرَى عَلَى اللَّهِ كَذِبًا أَوْ كَذَّبَ بِالْحَقِّ لَمَّا جَاءَهُ أَلَيْسَ فِي جَهَنَّمَ مَثْوًى لِّلْكَافِرِينَ

***At sino ba ang higit na gumagawa ng kamalian maliban sa kanyang naglulubid ng kasinungalingan laban sa Allah, o nagtatatwa sa katotohanan kapag ito ay dumarating sa kanya? Hindi ba't mayroong (kasasadlakang) pook sa Impiyerno para sa mga di-naniniwala? (Kabanata Al-Ankabut, 29:68)***

2. **Ang Kufr Ng Pagmamataas o Pagmamalaki** – bagama't batid ang katotohanan:

وَإِذْ قُلْنَا لِلْمَلَائِكَةِ اسْجُدُوا لِآدَمَ فَسَجَدُوا إِلَّا إِبْلِيسَ أَبَى وَاسْتَكْبَرَ وَكَانَ مِنَ الْكَافِرِينَ

***At (tandaan) nang Kami ay nagsabi sa mga anghel: 'Magpatirapa kayo kay Adam! at sila ay nagpatirapa maliban kay Iblis (si Satanas ay isa sa mga Jinn). Siya ay tumanggi at nagmataas, at siya ay isa sa***

*mga di-naniniwala (sumusuway sa Allah). (Kabanata Al-Baqarah, 2:34)*

3. **Ang Kufr Ng Pag-aalinlangan** – Ang katibayan ay ang pahayag ng Allahﷻ:

وَدَخَلَ جَنَّتَهُ وَهُوَ ظَالِمٌ لِّنَفْسِهِ قَالَ مَا أَظُنُّ أَن تَبِيدَ هَٰذِهِ أَبَدًا ﴿﴾ وَمَا أَظُنُّ السَّاعَةَ قَائِمَةً وَلَئِن رُّدِدتُّ إِلَىٰ رَبِّي لَأَجِدَنَّ خَيْرًا مِّنْهَا مُنقَلَبًا ﴿﴾ قَالَ لَهُ صَاحِبُهُ وَهُوَ يُحَاوِرُهُ أَكَفَرْتَ بِالَّذِي خَلَقَكَ مِن تُرَابٍ ثُمَّ مِن نُّطْفَةٍ ثُمَّ سَوَّاكَ رَجُلًا ﴿﴾ لَّٰكِنَّا هُوَ اللَّهُ رَبِّي وَلَا أُشْرِكُ بِرَبِّي أَحَدًا ﴿﴾

***At siya ay nagtungo sa kanyang hardin habang nasa kalagayan (ng pagmamataas at di-paniniwala) na di-makatarungan sa kanyang sarili. Siya ay nagsabi: 'Hindi ko tiyak (o iniisip) na ito ay mawawala at hindi ko iniisip na ang Oras (ng Paghuhukom) ay darating. At kung tunay mang ako ay ibabalik sa aking Panginoon (sa Araw ng Muling Pagkabuhay), tiyak na ako ay makakahanap ng higit kaysa dito kapag ako ay nagbalik sa Kanya.' Ang kanyang kasama ay nagsabi habang nakikipag-usap sa kanya.: 'Hindi ka ba naniniwala sa Kanya na lumikha sa iyo mula sa alabok, at pagkatapos ay humubog sa iyo upang maging tao? Sa ganang akin, (naniniwala ako) Siya ang Allah, ang aking Panginoon at wala akong itatambal na iba sa aking Panginoon. (Kabanata Al-Kahf, 18:35-38)***

4. **Ang Kufr ng Pagwawalang-bahala** – katulad ng pagkakabigay-diin sa pamamagitan ng pahayag ng Allahﷻ:

وَالَّذِينَ كَفَرُوا عَمَّا أُنذِرُوا مُعْرِضُونَ

***...subalit yaong mga di-naniniwala ay lumayo (at hindi alintana) kung saan sila binigyang-babala. (Kabanata Al-Ahqaf, 46:3)***

5. **Ang Kufr ng Pagkukunwari o Pakitang-tao** – ito ay pagpapakita at pagsasabi ng paniniwala subalit hindi tunay na naniniwala. Ang Allahﷻ ay nagsabi:

ذَلِكَ بِأَنَّهُمْ آمَنُوا ثُمَّ كَفَرُوا فَطُبِعَ عَلَى قُلُوبِهِمْ فَهُمْ لَا يَفْقَهُونَ

***Iyan ay dahil sila ay naniwala, at pagkatapos ay tumalikod (di-naniwala). Magkagayo'y ipininid (isinara) ang kanilang mga puso ay nakapinid, kaya't hindi sila makaunawa. (Kabanata Al-Munafiqun, 63:3)***

**2. AL KUFR AL-ASHGAR (Ang Maliit na Uri ng Di-paniniwala)**

Ang ganitong di-paniniwala ay hindi naglalabas sa tao sa Islam. Ito ay ang kawalan ng utang-na-loob, katulad ng sinabi ng Allahﷻ:

وَضَرَبَ اللَّهُ مَثَلاً قَرْيَةً كَانَتْ آمِنَةً مُّطْمَئِنَّةً يَأْتِيهَا رِزْقُهَا رَغَداً مِّن كُلِّ مَكَانٍ فَكَفَرَتْ بِأَنْعُمِ اللَّهِ فَأَذَاقَهَا اللَّهُ لِبَاسَ الْجُوعِ وَالْخَوْفِ بِمَا كَانُواْ يَصْنَعُونَ

***At ipinakita ng Allah ang halimbawa ng isang bayan na namamalaging payapa (ligtas) at nasisiyahan, ang panustos ay dumarating dito nang sagana mula sa bawat lugar. Ngunit ang mga tao dito ay nagtatwa (itinanggi nila) ang mga biyaya ng Allah (dahil sa kawalan ng utang-na-loob). Kaya't ginawa ng Allah na malasap nito (taong-bayan) ang matinding gutom at takot dahil sa kanilang mga gawa (kawalan ng pasasalamat). (Kabanata An-Nahl, 16:112)***

## ANG NIFAQ (PAGKUKUNWARI) AT ANG MGA URI NITO

### 1. Ang Pagkukunwari sa Paniniwala.

Ang Pagkukunwari sa Paniniwala ay binubuo ng anim na uri at ang gumawa nito ay nabibilang sa mga pinakamababang antas ng tao sa Impiyernong Apoy."

1. Ang Pagtatwa sa Propeta ﷺ.
2. Ang Pagtatwa sa anumang bahaging ipinahayag sa Sugo ng Allah ﷺ.para sa sangkatauhan.
3. Ang Pagkasuklam o pagkamuhi sa Sugo ng Allah ﷺ.

4. Ang Pagkasuklam sa alinmang bahagi ng banal na mensahe (kapahayagan) na ipinahayag sa Propeta ng Allahﷺ.
5. Ang Kasiyahang Nadarama kapag tinutuligsa o sinisira ang relihiyong Islam.
6. Ang Paghihimagsik ng Kalooban sa mga natatamong Tagumpay ng Islam.

**2. Ang Pagkukunwari sa mga Gawa.**

Ang pagkukunwari sa mga gawa ay may limang uri, katulad ng sinabi ng Propeta ng Allahﷺ:

***Ang mga palatandaan ng isang mapagkunwari ay tatlo: nagsisinungaling kapag siya ay nagsasalita, kapag siya ay nangangako, siya ay hindi tumutupad; nagtataksil kapag siya ay pinagkatiwalaan.***

Sa isa pang pagkakaulat, idinagdag na:

***Kapag siya ay nakipagtalo (o nakikipag-away) siya ay nagiging palalo; at kapag siya ay nakikipagkasundo, siya ay nagiging taksil.***

**ANG KAHULUGAN NG *TAGHUT* AT ANG MGA PINUNO NITO**

Ang unang ipinag-utos ng Allah sa tao ay ang pagsamba lamang sa Kanya at ang pag-iwas (pagtatwa) sa *Taghut*. Tunghayan ang pahayag ng Allahﷻ:

وَلَقَدْ بَعَثْنَا فِي كُلِّ أُمَّةٍ رَّسُولاً أَنِ اعْبُدُواْ اللّهَ وَاجْتَنِبُواْ الطَّاغُوتَ

***At katotohanan, Kami ay nagpadala sa bawat Ummah (pamayanan, bansa) ng Sugo (na nagpapahayag na): 'sumamba sa Allah (lamang) at umiwas sa Taghut (mga huwad na diyos, atbp).'" (Kabanata An-Nahl, 16:36)***

Ang kahulugan ng pagtatwa o pagtalikod sa *Taghut* ay ang maniwala sa kawalang-saysay, kawalang-halaga at kawalang-katotohanan ng anumang sinasamba maliban sa Allah ﷻ. Nararapat na iwanan at iwasan ito nang ganap, kasuklaman ito, at isumpa ang mga tagasunod nito, at isagawa ang pakikipaglaban sa kanila. Tunay na ang pagsamba ay para lamang sa Tanging Tagapaglikha at samakatuwid, walang sinumang nilikha ang dapat paglaanan ng pagsamba.

Ang kahulugan ng paniniwala sa Allah ﷻ ay Siya ang nag-iisang tunay na Diyos na dapat sambahin nang walang katambal. Nararapat ialay ang lahat ng uri ng pagsamba sa Allah ﷻ lamang, sa gayong nararapat ding itinatatwa ang bawa't diyus-diyusan. Karagdagan pa, nararapat mahalin ang mga matapat na tao (sa pagsamba sa Allah) at maging kaibigan sila. Nararapat ding kamuhian ang mga tagasunod ng Shirk (Polytheismo) at makipaglaban sa kanila. Sa katunayan, ang pagsamba lamang sa Allah ﷻ ay siyang Relihiyong itinatag ni Propeta Ibrahim (Abraham) at ng lahat ng Propeta. Sinuman ang lumihis mula sa pagsamba sa Tagapaglikha, kanya lamang ginawang hangal ang

kanyang sarili. Ito ay isang magandang halimbawa para sa atin na ipinakita sa Qur'an:

قَدْ كَانَتْ لَكُمْ أُسْوَةٌ حَسَنَةٌ فِي إِبْرَاهِيمَ وَالَّذِينَ مَعَهُ إِذْ قَالُوا لِقَوْمِهِمْ
إِنَّا بُرَاء مِنكُمْ وَمِمَّا تَعْبُدُونَ مِن دُونِ اللَّهِ كَفَرْنَا بِكُمْ وَبَدَا بَيْنَنَا
وَبَيْنَكُمُ الْعَدَاوَةُ وَالْبَغْضَاء أَبَدًا حَتَّى تُؤْمِنُوا بِاللَّهِ وَحْدَهُ إِلَّا قَوْلَ
إِبْرَاهِيمَ لِأَبِيهِ لَأَسْتَغْفِرَنَّ لَكَ وَمَا أَمْلِكُ لَكَ مِنَ اللَّهِ مِن شَيْءٍ

***Tunay na mayroong napakahusay na halimbawa para sa inyo (sa katauhan) ni Ibrahim at yaong (sumusunod) sa kanya, noong kanilang sinabi sa kanilang kalipi: 'Katotohanan kami ay malaya (sa pananagutan mula sa inyo at) sa anumang inyong sinasamba bukod sa Allahﷻ Kayo ay tinanggihan namin, at mayroong labanang nagsimula sa pagitan namin at sa inyo, at pagkasuklam magpakailanman hanggang sa kayo ay maniwala sa Allahﷻ lamang. (Kabanata Al-Mumtahanah, 60:4)***

Ang **Taghut** ay isang malawak na kataga na tumutukoy sa lahat ng bagay na sinasamba maliban sa Allahﷻ. Ang pangmaramihang katawagan nito ay ***Tawaghit***. Ang mga pangunahin o nangunguna sa mga Tawaghit ay ang limang sumusunod:

1. Si **Satanas**, ang isinumpa, na nagbubuyo sa tao na sumamba sa iba maliban sa Allahﷻ. Ang patunay ay ang pahayag ng Allahﷻ:

أَلَـــمْ أَعْهَدْ إِلَيْكُمْ يَا بَنِي آدَمَ أَن لاَّ تَعْبُدُوا الشَّيْطَانَ إِنَّهُ لَكُمْ عَدُوٌّ مُّبِينٌ

***Hindi Ko ba ipinag-utos sa inyo, o mga anak ni Adan, na huwag ninyong sambahin si Satanas. Katotohanan siya ay isang tahasang kaaway sa inyo. (Kabanata Yasin, 36:60)***

2. Ang Sinumang Pinunong Mapaniil (Malupit) na binabago ang mga Batas ng Allah (Kautusang Islamiko). Ang katibayan ay ang pahayang ng Allah ﷻ:

أَلَـــمْ تَرَ إِلَى الَّذِينَ يَزْعُمُونَ أَنَّهُمْ آمَنُواْ بِمَا أُنزِلَ إِلَيْكَ وَمَا أُنزِلَ مِن قَبْلِكَ يُرِيدُونَ أَن يَتَحَاكَمُواْ إِلَى الطَّاغُوتِ وَقَدْ أُمِرُواْ أَن يَكْفُرُواْ بِهِ وَيُرِيدُ الشَّيْطَانُ أَن يُضِلَّهُمْ ضَلاَلاً بَعِيدًا

***Hind ba ninyo nakita yaong (mga mapagkunwari na) nag-aangking sila ay naniniwala sa ipinahayag sa iyo at sa (mga naunang) ipinahayag (bago dumating ang iyong panahon), at nagnanais dumulog sa Taghut para sa pasiya (hinggil sa kanilang mga pinagtatalunan) samantalang sila ay inutusang tanggihan ang mga ito. Subalit minimithi ni Satanas na iligaw sila ng landas. (Kabanata An-Nisa, 4:60)***

3. Ang Sinumang Tagapamahala na sinusunod ang mga Batas maliban sa Batas ng Allah ﷻ. Ang patunay ay ang pahayag ng Allah ﷻ:

وَمَن لَّمْ يَحْكُم بِمَا أَنزَلَ اللّهُ فَأُوْلَـئِكَ هُمُ الْكَافِرُونَ

***...at sinumang hindi maghatol ayon sa ipinahayag ng Allah, magkagayon sila ay mga Kafirun (sila ay itinuturing bilang mga taong may mababang uri ng di-paniniwala sa dahilang sila ay hindi gumagawa ayon sa mga Batas ng Allah). (Kabanata Al-Maidah, 5:44)***

4. Ang Sinuman na nag-aangkin na siya ay may Kaalaman tungkol sa *Ghaib*, na sa katotohahan, ay tanging ang Allah lamang ang ganap na nakakalam. (Ang *Ghaib* ay isang salitang arabik na tumutukoy sa lahat ng bagay na hindi nakikita. Halimbawa ng *Ghaib* ay ang pagkakaroon ng paraiso at impiyerno. Bagaman walang sinumang nabubuhay na tao ang nakakita sa Paraiso at Impiyerno, ito ay pinaniniwalaan ng sinumang mayroong paniniwala at pananalig sa Diyos). Ang patunay ay ang pahayag ng Allah ﷻ sa Qur'an:

عَالِمُالْغَيْـــبِ فَلاَ يُظْهِرُ عَلَى غَيْبِهِ أَحَدًا [] إِلاَّ مَنِ ارْتَضَى مِنرَّسُولٍ

فَإِنَّهُ يَسْلُكُ مِن بَيْنِ يَدَيْهِ وَمِنْ خَلْفِهِ رَصَدًا []

***(Siya lamang) ang nakababatid ng Al-Ghaib (di-nakikita) at hindi Niya ipinahahayag ang Kanyang***

***Ghaib maliban sa Kanyang Sugo (mula sa sangkatauhan) na Kanyang pinili. Pagkatapos Siya ay lumikha ng mga pangkat ng mga tagabantay (mga anghel) upang magmasid sa harapan niya at sa likuran niya (bilang tagapangalaga). (Kabanata Al-Jinn, 72:26-27)***

Ang isa pang pahayag ay:

وَعِندَهُ مَفَاتِحُ الْغَيْبِ لاَ يَعْلَمُهَا إِلاَّ هُوَ وَيَعْلَمُ مَا فِي الْبَرِّ وَالْبَحْرِ وَمَا تَسْقُطُ مِن وَرَقَةٍ إِلاَّ يَعْلَمُهَا وَلاَ حَبَّةٍ فِي ظُلُمَاتِ الأَرْضِ وَلاَ رَطْبٍ وَلاَ يَابِسٍ إِلاَّ فِي كِتَابٍ مُّبِينٍ

***At nasa Kanya ang mga susi ng Ghaib. Walang nakababatid nito maliban sa Kanya. At alam Niya ang anumang nasa kalupaan at ng nasa karagatan. Walang dahong napipigtal na hindi Niya batid. Walang butil sa dilim ng kalupaan, o anumang sariwa o tuyo na hindi naisusulat sa Malinaw na Talaan. (Kabanata Al-An-am, 6:59)***

5. Ang taong sinasamba (dahil) sa kanyang kapahintulutan sa halip na ang Allahﷻ. Ang patunay ay ang pahayag ng Allahﷻ:

وَمَن يَقُلْ مِنْهُمْ إِنِّي إِلَهٌ مِّن دُونِهِ فَذَلِكَ نَجْزِيهِ جَهَنَّمَ كَذَلِكَ نَجْزِي الظَّالِمِينَ

***At kung sinuman sa kanila ang magsabi ng: 'Katotohanan ako ay isang diyos bukod sa Kanya (Allah), ang isang tulad niya ay Aming papatawan ng Impiyerno. Sa ganito Namin binabayaran ang mga mapaggawa ng kasalanan. (Kabanata Al-Anbiya, 21:29)***

Nararapat malaman ng tao na hindi siya magiging tunay na mananampalataya at tunay na naniniwala maliban kung kanyang itatwa at isumpa ang *Taghut*. Ang katibayan ay ang pahayag ng Allahﷻ:

فَمَنْ يَكْفُرْ بِالطَّاغُوتِ وَيُؤْمِن بِاللّهِ فَقَدِ اسْتَمْسَكَ بِالْعُرْوَةِ الْوُثْقَى لاَ
انفِصَامَ لَهَا وَاللّهُ سَمِيعٌ عَلِيمٌ

***Sinuman ang hindi maniwala sa Taghut at (tapat na) maniwala sa Allah ay tunay na tumangan sa pinakamatatag na hawakang kailanma'y hindi mababali. Ang Allah ay Lubos na Nakaririnig, Lubos na Maalam. (Kabanata Al-Baqarah, 2:256)***

Ang tamang patnubay ay ang relihiyon ni Muhammadﷺ samantalang ang lihis dito ay ang relihiyon ni Abu Jahl. Ang pinakamatatag na hawakan ay ang pagpapatunay (pagsaksi) na walang tunay na Diyos maliban sa Allahﷻ. Ang pagsasaksing ito ay binubuo ng dalawang bagay- pagtatwa (pagtakwil o pagtalikod) at pagpapatunay (pagtanggap o pagsang-ayon): ------ang pagtatwa at pagtalikod (pagtakwil) ay tumutukoy sa lahat at anumang

uri ng pagsamba sa iba maliban sa Allah, at ang pagpapatunay (pagtanggap o pagsang-ayon) ay tumutukoy naman sa tuwirang pagsamba sa Allah ﷻ lamang, ang Isang bukod-tangi at walang anumang katambal.

(Ang lahat ng papuri ay para sa Allah ﷻ na sa pamamagitan ng Kanyang biyaya, ang mga mabubuting gawa ay naisasakatuparan at naisasagawa.)

xxxxx


**COOPERATIVE OFFICE FOR CALL AND GUIDANCE IN AL- BATHA**

UNDER THE SUPER VISION OF MINISTRY OF ISLAMIC AFFAIRS, ENDOWMENTS, PROPAGATION AND GUIDANCE



P.O. BOX : 20824 RIYADH : 11465
TEL.: 00966-1- 4030251 - 4034517
4031587 - 4030142 - FAX: 4059387
Lecture hall. Tel + Fax: 00966 - 1 - 4083405


**TAWHEED**

Ang Kaisahan Ng Allah

**WWW. COCG. ORG**


All rights reserved for the Office No part of this book may be used for publication without the written permission of the copyright holder, application for which should be addressed to the office



**المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالبطحاء**

تحت إشراف

وزارة الشؤون الإسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد



ص.ب : ٢٠٨٢٤ الرياض : ١١٤٦٥
هاتف : ٤٠٣٠٢٥١ - ٤٠٣٠١٤٢ - ١-٠٠٩٦٦
٤٠٣٤٥١٧ - ٤٠٣١٥٨٧ - فاكس : ٤٠٥٩٣٨٧
هاتف وفاكس صالة المحاضرات بالبطحاء
٤٠٨٣٤٠٥ - ١ - ٠٠٩٦٦


**توحيد الله و الواجبات المتحتم معرفتها على كل مسلم ومسلمة**


**حقوق الطبع محفوظة للمكتب**



رقم الإيداع : ١٤٢٤/١٦١٢
ردمك : ٤ - ٦٧ - ٧٩٨ - ٩٩٦٠



لا يسمح بطبع أي جزء من هذا الكتاب إلا بعد موافقة خطية مسبقة من المكتب



مطابع الحميضي : ٤٥٨١٠٠٠ ف : ٤٥٩٢٢١٧ الرياض

# توحيد الله
# و
# الواجبات المتحتم معرفتها على كل مسلم ومسلمة

باللغة الفلبينية ( تجالوج )

من كلام شيخ الإسلام

## محمد التميمي رحمه الله

ترجمه للغة الفلبينية

يوسف علاء الدين بوتوكان

٥ / ١٤٢٨ هـ


برنامج
وفرعها في السماء

كفالة داعية
رحلات تعليمية
صدقة جارية
تبرع عام
طباعة كتيب

للمساهمة في البرنامج

الايداع في الحساب رقم ٤ / ٦٣٩٠ فرع ١٨٥ الراجحي وإرسال صورة الإيداع على فاكس المكتب ، ٤٠٥٩٣٨٧
أو التكرم بالحضور الى مقر المكتب أو التحويل عن طريق الصراف الآلي الى الحساب رقم ١٨٥٦٠٨٠١٠٠٦٣٩٠٤



المكتب التعاوني للدعوة والإرشاد وتوعية الجاليات بالبطحاء
تحت إشراف وزارة الشؤون الاسلامية والأوقاف والدعوة والإرشاد



هاتف : ٤٠٣٠٢٥١ - ناسوخ : ٤٠٥٩٣٨٧ - ص.ب ٢٠٨٢٤ - الرياض ١١٤٦٥



ISBN: 9960 - 798 - 67 - 4